# TRANSISYON: Ang Susunod na Hakbang

## ANO'NG SUSUNOD KAPAG NAGING TATLONG TAONG GULANG NA ANG AKING ANAK?



*Isang Gabay sa Transisyon mula sa Mga Serbisyo ng Maagang Interbensyon sa ilalim ng Part C ng Individuals With Disabilities Education Act (Batas sa Edukasyon sa Mga Indibidwal na May Kapansanan, IDEA).*

Pinondohan ng Programang Washington State Department of Children, Youth, and Families, Early Support for Infants and Toddlers Program (Programang Maagang Suporta para sa mga Sanggol at Musmos na Bata ng Kagawaran ng mga Bata, Kabataan at Pamilya ng Estado ng Washington).

Washington State Department of
CHILDREN, YOUTH & FAMILIES

## Ano ang transisyon?

Kapag naging tatlong taong gulang na ang iyong anak, magwawakas ang mga serbisyo ng maagang interbensyon at maaaring magkaroon ng mga bagong serbisyo at suporta. Ang proseso ng pagbabagong ito ay isa sa maraming transisyon na mangyayari sa iyong anak at pamilya sa buong buhay mo.

Anim hanggang siyam na buwan bago sumapit ang ikatlong kaarawan ng iyong anak, magsisimula kang makipagtulungan sa iyong family resources coordinator (koordinator na masasanggunian ng pamilya, FRC) at team para planuhin ang transisyon mula sa mga serbisyo ng espesyal na edukasyon sa preschool o ibang pang kinakailangang serbisyo at suporta. Magkasamang magtutulungan ang mga pamilya at tagapaglaan ng serbisyo sa prosesong ito na hahantong sa pagpupulong sa transisyon.

## Ano ang layunin ng pagpupulong sa transisyon?

Sa oras ng pagpupulong ng Individualized Family Service Plan (Indibidwal na Plano ng Serbisyo ng Pamilya, IFSP), bubuuin mo at ng iyong team ng maagang interbensyon ang isang nakasulat na plano ng transisyon upang matulungan kang gabayan sa buong proseso ng transisyon.

Ang Part C ng Individuals With Disabilities Education Act (Batas sa Edukasyon sa Mga Indibidwal na May Kapansanan, IDEA) ay nangangailangan ng nakasulat na plano bago sumapit ang ikatlong kaarawan ng iyong anak.

## Kailan kami magsisimulang magplano para sa transisyon?

### Anim hanggang siyam na buwan bago sumapit ang ikatlong kaarawan ng iyong anak:

Magsisimula ang pagpaplano para sa transisyon. Tutulong ang iyong FRC na makipag-ugnayan sa iyo at sa paaralan ng iyong distrito o iba pang programa sa komunidad upang simulan ang pagpaplano para sa transisyon ng iyong anak sa edad na tatlong taong gulang.

### Isasagawa ang pagpupulong para sa pagpaplano ng transisyon tatlong buwan man lang bago sumapit ang ikatlong kaarawan ng iyong anak:

Makikipagkita ka sa isang kinatawan ng distrito ng eskwelahan bilang bahagi ng pagpupulong. Ipapaliwanag nila kung ano ang mangyayari upang matukoy kung magiging kwalipikado ang iyong anak para sa mga serbisyo ng espesyal na edukasyon sa preschool.

Kapag naging kwalipikado ang iyong anak para sa mga serbisyo ng espesyal na edukasyon sa preschool, tulad ng tinukoy ng paaralan ng distrito, ibibigay ang mga serbisyo sa pamamagitan ng Individualized Education Program (Indibidwal na Programang Pang-edukasyon, IEP).

Hindi iiskedyul ang pagpupulong sa kinatawan ng paaralan ng distrito, kung hindi mo nais na makatanggap ng mga serbisyo ng espesyal na edukasyon sa preschool.

## Ano ang plano ng transisyon?

Tinutukoy ng plano ng transisyon kung paano ka, ang iyong FRC, at team ng maagang interbensyon tutulong habang lumilipat ang iyong anak at pamilya mula sa mga serbisyo ng maagang interbensyon sa edad na tatlong taong gulang. Inilalarawan ng plano kung anong mga suporta, hakbang at mga serbisyo ang kinakailangan habang papasok ang iyong anak sa programa ng espesyal na edukasyon sa preschool ng iyong lokal na paaralan ng distrito o iba pang mga serbisyo sa komunidad, o paalis sa mga suporta at serbisyo dahil hindi na kwalipikado ang iyong anak.

## Ano'ng susunod para sa aking anak?

### Pagbuo sa plano ng transisyon ng aking anak:

Ikaw at ang iyong team ng maagang interbensyon ay magtutulungan para buuin ang plano. Ang team ay kinabibilangan mo, ang iyong FRC, mga taong kasalukuyang nakikipagtulungan kasama ng iyong anak, iba pang indibidwal na nais mong maging kabilang at mga taong maaaring maging kasama ng iyong anak sa hinaharap. Susubaybayan ng team ang progreso at mga kinakailangan ng iyong anak. Ico-coordinate ng FRC ang pagbuo ng plano ng transisyon.

### Anong mga serbisyo ang maaaring maging available para sa aking anak matapos ang transisyon sa edad na tatlong taong gulang?

Depende ito kung nangangailangan ang iyong anak ng mga serbisyo ng espesyal na edukasyon sa preschool. Tutukuyin ng iyong paaralan ng distrito kung kwalipikado ang iyong anak para sa mga serbisyo ng espesyal na edukasyon sa preschool. Kung kwalipikado ang iyong anak, maaaring maging available ang iba't ibang mga opsyon ng setting serbisyo, tulad ng programa ng komunidad, Head Start (Maagang Pagsisimula), Early Childhood Education and Assistance Program (Programang Maagang Edukasyon ng Bata at Tulong, ECEAP), o school-based, programa ng espesyal na edukasyon sa preschool. Ang espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo ay ibibigay sa pamamagitan ng IEP. Ico-coordinate ng FRC ang pagpupulong para sa plano ng transisyon. Magtatakda ang paaralan ng distrito ng pagpupulong upang buuin ang IEP ng iyong anak.

Maaari mong hilingin na maimbitahan ang iyong FRC sa pagpupulong para sa IEP. Puwede kang magsama ng kaibigan, kapamilya o iba pang miyembro ng komunidad na gusto mo para sa suporta sa pagpupulong para sa IEP. Kung mayroon kang case manager ng Developmental Disabilities Administration (Pangangasiwa sa mga Kapansanan sa Pag-unlad, DDA) o koordinator ng Children with Special Health Care Needs (Mga Batang Nangangailangan ng Espesyal na Pangangalaga sa Kalusugan, CSHCN), maaari mo rin silang imbitahan. Dapat mangyari ang pagpupulong para sa IEP bago sumapit ang ikatlong kaarawan ng iyong anak at dapat maitakda ang IEP pagsapit ng ikatlong kaarawan ng iyong anak. Naka-iskedyul taon-taon ang mga pagpupulong para sa IEP. Gayunpaman, maaari kang humiling ng pagpupulong para sa IEP anumang oras na maramdaman mo o ng kawani ng paaralan na kailangang talakayin ang programa ng iyong anak.

### Ano ang mangyayari kung hindi maging kwalipikado ang aking anak para sa mga serbisyo sa espesyal na edukasyon sa preschool?

Kung hindi kwalipikado ang iyong anak para sa mga serbisyo sa espesyal na edukasyon sa preschool, makikipagtulungan ang iyong FRC sa iyo na alamin ang iba pang posibleng opsyon na available para sa iyong anak, tulad ng Head Start (Maagang Pagsisimula), ECEAP o iba pang programa ng komunidad.

## Ano ang aming tungkulin sa proseso ng transisyon?

### Mga tip sa kung paano matutulungan ang iyong anak at pamilya na magawa ang walang aberyang transisyon:

- Makilahok sa mga pagpupulong sa pamamagitan ng pagsasabi kung ano ang gusto mo para sa iyong anak.
- Magtala ng mahahalagang impormasyon sa mga pagpupulong.
- Mag-explore ng mga sanggunian at serbisyo.
- Magkaroon ng masusulatang notebook tungkol sa mga aktibidad at interes ng iyong anak. Isama ang sertipiko ng kapanganakan ng iyong anak, rekord ng pagbabakuna, mga medikal na ulat, larawan, ebalwasyon, pagtatasa, at dating IFSP. Nakakatulong ang mga larawan ng iyong anak sa pag-personalize ng mga katotohanan at impormasyon.
- Ano ang maaaring makatulong sa pagtataguyod para sa iyong anak? Ikaw ang nakaaalam sa kung ano ang kanyang pinaka kinakailangan. Alamin kung ano ang aasahan sa iyong anak at makipagtulungan sa paaralan ng distrito at team ng IEP upang makuha ang mga gayong serbisyo para sa iyong anak.

## Ano ang aking mga susunod na hakbang matapos ang transisyon?

Itanong kung mayroon bang grupo ng suporta sa pamilya, lokal na Parent Teacher Student Association (Samahan ng Magulang, Guro at Estudyante, PTSA) o Special Education Parent Advisory Council (Konseho ng Pagkonsulta ng Magulang para sa Espesyal na Edukasyon, SEPAC) sa iyong distrito. Itanong kung may manggagawa para sa mga serbisyo sa pamilya, manggagawang panlipunan, o psychologist ng paaralan ang distrito na makakatulong sa iyo kapag may mga alalahanin ka. Tandaan, bilang magulang, maaari kang mabenipisyuhan mula sa suporta, pati na ang iyong anak, habang nasa proseso ng transisyon ang iyong pamilya.

## Ano ang ibang impormasyon na kailangan kong malaman?

Kung kasalukuyang kwalipikado ang iyong anak para sa mga serbisyo mula sa DDA, dapat muling tukuyin ang pagiging kwalipikado para sa mga serbisyo bago maging apat na taong gulang ang iyong anak. Mahalagang maibahagi mo ang mga pagtatasa ng maagang interbensyon, impormasyon ng transisyon at ulat ng ebalwasyon ng paaralan ng distrito sa panahon ng proseso ng transisyong ito sa DDA. **Ang iyong pahintulot para sa pagpapalabas sa impormasyong ito sa DDA ay maaaring makuha sa paaralan ng distrito sa pagpupulong para sa pagpaplano ng transisyon.** Kapag hindi natanggap ang impormasyon upang matukoy ang pagpapatuloy ng pagiging kwalipikado ng iyong anak, aalisin ang iyong anak mula sa mga serbisyo ng DDA sa edad na apat na taong gulang.

## Saan ako maaaring pumunta para sa tulong o impormasyon?



Ang Department of Children, Youth & Families Early Support for Infants and Toddlers program (Maagang Suporta para sa mga Sanggol at Musmos na Bata, ESIT, ng Kagawaran ng mga Bata, Kabataan, at Pamilya) ang namamahala sa sistema ng mga serbisyo ng maagang interbensyon ng Part C ng IDEA sa buong estado.

**esit@dcyf.wa.gov**
**www.dcyf.wa.gov**

Para sa higit pang impormasyon at referral sa family resources coordinator (koordinator na masasanggunian ng pamilya, FRC), makipag-ugnayan sa Help Me Grow (Tulungan Akong Lumago) ng Washington para sa pangalan ng isang FRC sa iyong lugar.

1-800-322-2588

Fathers Network ng Estado ng Washington sa Kindering Center. Nagtataguyod at nagbibigay ng suporta at sanggunian para sa lahat ng kalalakihan at kanilang pamilya na may mga anak na may espesyal na pangangailangan.

(425) 653-4286
**www.fathersnetwork.org**

Ang PAVE ay isang pambuong estadong pagsasanay sa magulang at sentro ng impormasyon na nagbibigay ng tulong sa mga pamilyang may mga kapansanang anak, mula sa pagkapanganak hanggang sa paglaki.

1-800-572-7368 (800-5 PARENT)
**www.wapave.org**

Ang Parent to Parent ng Estado ng Washington ay isang pambuong estado na network ng magulang na nagbibigay ng suporta sa emosyon at impormasyon sa mga magulang na may kapansanang mga anak na may mga kapansanan o pagkaantala ng pagtuto.

1-800-821-5927
**www.arcwa.org/parent-to-parent**

Itinataguyod ng Arc ng Estado ng Washington ang edukasyon, kalusugan, pagiging indipendiyente, pagtataguyod sa sarili, inklusyon, at mga pagpipilian ng mga indibidwal na may mga kapansanan sa pag-unlad at kanilang mga pamilya.

1-888-754-8798
**www.arcwa.org**

Ang Office of Superintendent of Public Instruction (Tanggapan ng Superintendent ng Pagtuturo sa Publiko) ay may kapaki-pakinabang na website para sa mga pamilya at mga bata na tumatanggap ng espesyal na edukasyon at nauugnay na mga serbisyo sa:
**www.K12.wa.us/SpecialEd/Families/default.aspx**

**The Washington State Department of Children, Youth & Families Early Support for Infants and Toddlers (Maagang Suporta para sa mga Sanggol at Musmos na Bata, ESIT, ng Kagawaran ng mga Bata, Kabataan at Pamilya ng Estado ng Washington)**

PO Box 40970
Olympia WA 98504-0970
**esit@dcyf.wa.gov**
**www.dcyf.wa.gov/services/child-development-supports/esit**

*Ipinagbabawal ang diskriminasyon sa lahat ng programa at aktibidad. Walang sinuman ang dapat mabukod batay sa lahi, kulay, relihiyon, pananampalataya, bansang pinanggalingan, kasarian, edad o kapansanan.*

*Kung gusto mong magkaroon ng mga kopya ng dokumentong ito sa isang alternatibong format o wika, mangyaring makipag-ugnayan sa DCYF Constituent Relations (Mga Ugnayang Bumubuo ng DCYF) sa (1-800-723-4831 | 360-902-8060, **ConstRelations@dcyf.wa.gov**).*

DCYF PUBLICATION FS_0004 | DEL 11-013 TA (07-2023) Tagalog